# Pagsasamantala sa mga Pansamantalang Migranteng Manggagawa

Ang pangkalahatang layunin ng pagrepaso (ang review) ng Pagsasamantala sa mga Pansamantalang Migranteng Manggagawa ay upang mabawasan ang pagsasamantala sa mga pansamantalang migranteng manggagawa, kabilang ang mga estudyanteng internasyonal. Ang malawakang pakinabang na magmumula sa pagrepaso (review) ay ang kaalaman na lahat ng mga taga-New Zealand ay nasa ligtas at nakasisiyang trabaho, at lahat ng mga negosyo ay mapapamahalaan nang matiwala sa isang pantay na larangan.

**Ang pagsasamantala sa migrante ay hahantong sa malulubha at negatibong kalalabasan para sa. . .**

**MGA MIGRANTE** Ang mga migranteng manggagawa na napagsamantalahan ay dumaranas ng pinsalang pisikal, sikolohikal at pinansyal. Ang pinsalang ito ay umaabot sa kanilang mga pamilya sa New Zealand at sa kanilang bansang pinagmulan.

**MGA NEGOSYO** Ang mga masunuring tagapag-empleyo na nagtataguyod ng makatarungan at produktibong ugnayan sa trabaho ay dinadaig ng mga mapagsamantalang tagapag-empleyo. Maaaring maging dahilan ito upang hindi magpatuloy ang negosyo.

**MGA TAGA-NEW ZEALAND** Ang pagsasamantala ay nagbibigay-daan sa mga krimen, gaya ng pandaraya at 'laundering' ng salapi, na nakakaapekto sa mas malawak na komunidad. Ang pagsasamantala ay nagpapahirap din sa mga sistema ng buwis at pangkalusugang pangangalaga.

**ATING PANDAIGDIG NA REPUTASYON** Ang pagsasamantala sa migrante ay sumisira sa ating pandaigdig na reputasyon bilang isang lugar na walang katiwalian, at ligtas na lugar para sa pagtatrabaho at pamumuhay.



## MGA PANUKALANG SOLUSYON

### HADLANGAN

ang pagkakaroon ng mga kondisyon sa lugar ng trabaho (at iba pa) na maaaring maging daan upang magkaroon ng pagsasamantala sa mga pansamantalang migranteng manggagawa.

**UNANG PANUKALA:** Magpasok ng pananagutan para sa mga partido na may mahalagang kontrol o impluwensya sa isang empleyado na lumalabag sa mga pamantayan ng pagtatrabaho.

**IKALAWANG PANUKALA:** Ipag-utos sa ilang sub-contractor at franchisee na tumugon sa karagdagang pamantayan sa ilalim ng kasalukuyang ipinapanukalang sistema ng pagpasok sa bansa gamit ang pagkuha ng visa sa tulong ng tagapag-empleyo.

**IKATLONG PANUKALA:** Magpasok ng isang iskema ng paglisensya sa pagkuha ng manggagawa na nagbibigay ng tiyak na mga proteksyon para sa mga manggagawa.

**IKA-APAT NA PANUKALA:** Bawalan ang mga taong nahatulang nagsamantala sa ilalim ng Batas ng Imigrasyon na mamahala o mangasiwa ng isang kompanya.

### PROTEKTAHAN

ang mga pansamantalang migranteng manggagawa sa New Zealand at tulungan silang iwan ang trabahong mapagsamantala.

**IKA-LIMANG PANUKALA:** Magtatag ng isang MBIE na linya ng telepono na 0800 at pagrereport online na nauukol lamang para sa pagsasamantala sa migrante, at magtatag ng isang MBIE na makagagawa ng natatanging pagrereport at pag-triage na nakatutok sa pagsasamantala sa migranteng manggagawa.

**IKA-ANIM NA PANUKALA, OPSYON A:** Gumawa ng isang tulad ng bridging visa para sa mga migranteng manggagawa na napagsamantalahan.

**IKA-ANIM NA PANUKALA, OPSYON B:** Pabutihin ang kasalukuyang proseso ng pagsasaalang-alang sa katayuan ng INZ visa.

### IPATUPAD

ang batas sa imigrasyon at pagtatrabaho upang mahadlangan ang di-pagtupad ng tagapag-empleyo sa pamamagitan ng isang pamamahalang akma-para-sa-layunin na pagkakasala at parusa.

**IKAPITONG PANUKALA:** Lumikha ng bagong mga pagkakasalang paglabag sa imigrasyon para sa mga pag-aasal ng di-sumusunod na tagapag-empleyo na nagiging dahilan ng pagsasamantala at kahinaan ng loob.

**IKAWALONG PANUKALA:** Pahintulutan ang Labour Inspectorate na mag-isyu ng abiso ng paglabag sa mga tagapag-empleyo na hindi makakapagbigay ng hinihiling na mga dokumento sa loob ng makatwirang panahon.

**IKA-SIYAM NA PANUKALA:** Palawakin ang listahan ng mga pinatigil (stand-down) upang makita ang umiiral na mga paglabag sa imigrasyon at, sa hinaharap, ang mga salang paglabag sa imigrasyon para sa di-pagsunod ng tagapag-empleyo.

**IKA-SAMPUNG PANUKALA:** Abisuhan ang mga manggagawang may visa na nakuha sa tulong ng tagapag-empleyo, na nagtatrabaho para sa isang pinatigil (stood-down) na tagapag-empleyo.

MINISTRY OF BUSINESS, INNOVATION & EMPLOYMENT
HĪKINA WHAKATUTUKI

New Zealand Government

**Nais malaman ng Pamahalaan ang iyong komento tungkol sa aming mga panukala upang mabawasan ang pagsasamantala sa mga pansamantalang migranteng manggagawa. Pumunta sa mbie.govt.nz/exploitationreview upang magpahayag ng iyong opinyon.**